



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

25 Hunyo 2022

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 127, s. 2022

**PULONG NG MGA OPISYAL NG PANSANGAY NA SAMAHAN NG MGA GURO
SA FILIPINO (PASAGUFIL)**

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pandistrito
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at
Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon ay magsasagawa ng pulong ng Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino (PASAGUFIL). Ito ay gaganapin sa 01 Agosto 2022, ganap na ika-8:15 ng umaga sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Gubat, Gubat, Sorsogon.

2. Layunin ng gawain na: (a) mailahad ang plano ng PASAGUFIL sa Taong Panuruan 2022-2023; (b) mapaingting ang Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko sa bawat paaralan; at, (c) maisagawa ang Seremonya ng Pagtataas ng Watawat para sa pasinaya sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2022.

3. Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang mga Tagapag-ugnay Pandistrito at mga Pangulo ng Klaster ng mga paaralang sekondarya; ang pamunuan ng PASAGUFIL. Gayundin, inaanyayahang dumalo sa pulong na ito sina Gng. Imelda G. Narvadez, HT III ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Gallanosa at Gng. Ana Maria B. Gojar ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Bulan. At hinihiling na magsususunat ng simpleng kasuotang Pilipino bilang isang simple at marangal na seremonya ng pagdiriwang ang mga dadalo sa gawaing ito.



Balogo Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



CIP 5461/21/05/1163

4. Kaugnay nito, ang pangulo, pangalawang-pangulo, kalihim ng PASAGUFIL ay inaasahang dadalo sa pulong-pagpapalano sa Hulyo 28, 2022 ganap na ika-9:00 ng umaga sa opisina ng CID sa DepEd-SDO Sorsogon. Inaanyayahan ring dumalo sa pagpaplanong ito sina: Imelda Narvadez (Gallanosa NHS), Ana Maria B. Gojar (Bulan NHS), Emma Gonzales (Cumadcad NHS), at, Albert Escobedo (Gubat NHS).

5. Sapagkat ang mga guro ay kasalukuyang nasa bakasyon, kaya't ang bibigyan sila ng kaukulang isang (1) araw na *service credit* kaugnay ng pagdalo sa pulong; samantalang dalawang (2) araw naman para sa dadalo hanggang sa paunang pagpapalano ng gawain.


6. Ang gugulin ng mga kalahok kaugnay ng gawain ay manggagaling sa pondong lokal/MOOE ng mga paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.


JOSE L. DONCILLO, CESO V
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan



Balogo Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



CIP 5461/21/05/1163